Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Ang Batang Pastol na si David



Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan nila: Lazarus
Ibinagay nila: Ruth Klassen
Alastair Paterson
Isinalin ni: PCCC-IGEN
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2022 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Noong unang panahon sa Israel, sa panahon ni Haring Saul, may isang batang nagngangalang David. Tinulungan niya ang kanyang mga kapatid na magalaga ng mga tupa ng kanilang ama. Kahit na siya ang bunso sa magkakapatid, si David ay malakas, matapang, at nagmamahal at naniniwala sa Diyos.



Minsan, may isang leon na umatake sa kawan para makahuli ng maliit na tupa upang kainin. Ang batang si David naman ay nakipaglaban sa leon. Inagaw ang maliit na tupa mula sa leon at hinawakan ang leon sa panga at pinatay. Alam ni David na tinulungan siya ng Diyos.



3

Ang propeta ng Diyos na si Samuel ay nalulungkot dahil binigo ni Haring Saul ang Diyos. "Hanggang kailan kayo magdadalamhati kay Saul?" ang pagalit ng Diyos kay Samuel.



4

"Ipadadala kita kay Jesse…sapagkat may napili na akong hari sa isa sa kanyang mga anak na lalaki." Si Jesse ay ang ama ni David. Kahit na alam ni Samuel na papatayin siya ni Haring Saul kapag nalaman nito na siya'y humahanap ng bagong hari, sumunod pa rin ang propeta sa Diyos.

5

Nang dumating si Samuel sa bahay ni Jesse, iniharap ni Jesse kay Samuel ang kanyang pitong binata. Sinabi ni Samuel, "Wala sa mga binatang ito ang pinili ng Diyos." Ang naiwan lang ay ang bunsong si David, na nasa pastulan kasama ang mga tupa. Tinawag si David at dinala sa harap ni Samuel. At sinabi ng Diyos kay Samuel, "Tumayo ka, ibuhos mo ang langis sa kanyang ulo, sapagkat siya ang pinili ko."

6

Sa palasyo naman ng hari, ang Espiritu ng Diyos ay lumisan na kay Saul kaya't siya ay naguguluhan. Inisip ng kanyang mga lingkod na maaring ang magandang tugtugin ay makakapanatag sa isipan ni Saul. Ang isa sa kanila ay kilala ang isang batang lalaking mahusay tumugtog ng arpa. Alam niyo ba kung sino ito? Oo, si David nga.



7

Ang pagtugtog ni David ng arpa ay nakatulong kay Haring Saul sa kanyang pagiisip ng mabuti at matuwid. Tinanong ni Saul si Jesse kung maaring manatili si David sa palasyo upang maglingkod. Kapag si Saul ay nanamlay o natakot, tumutugtog kaagad si David ng kanyang arpa. Ito'y ay nakatulong sa hari.



8

Nang nakauwi na si David sa kanilang tahanan, si Haring Saul naman ay humarap sa isang malaking digmaan laban sa mga Filisteo. Ang mga kapatid ni David ay lumaban din kasama ang mga kawal ni Saul. Pinadala ni Jesse si David sa lugar ng digmaan upang magbigay ng pagkain sa kanyang mga kapatid at para malaman kung napapano na sila.



9

Ang napakalaking higante na Filisteo, si Goliath, ay lumabas at tinakot ang lahat ng mga kawal ng Israel.



10

"Pumili kayo ng haharap sa akin at papuntahin dito sa akin!" Sumigaw si Goliath. "Kung siya ay makikipaglaban sa akin at ako'y mapatay niya, kami ay magiging alila ninyo. Ngunit kung ako ang makapatay sa kanya, kayong lahat ay magiging alila namin." Ang lahat ng mga kawal ng Israel nang makita ang higante ay nagsisitakbuhan at sila'y takot na takot.



11

Ngunit sinabi ni David kay Haring Saul, "Huwag kayong manlupaypay dahil sa higanting iyon; ang inyong lingkod ay paparoon at makikipaglaban sa mga Filisteo." Nais ni Saul na gamitin ni David ang kanyang baluti at tabak. Sa halip, dinala lamang ni David ang kanyang tirador at pumulot ng limang makikinis na bato sa batis.



12

Tumawa ng malakas si Goliath nang makita niya si David na walang suot na baluti. "Ibibigay ko ang iyong laman sa mga ibon at hayop!" sigaw ni Goliath. "Ako'y naparito sa pangalan ng Panginoong Diyos!" ang sagot ni David. "Sa araw na ito ay ibibigay ka ng Diyos sa aking mga kamay…sapagkat ang digmaang ito ay sa Diyos."



13

Tumakbo si David patungo kay Goliath. Habang tumatakbo, inilagay niya ang isang makinis na bato sa tirador at ibinayaw ito. Tumama ang bato sa noo ni Goliath.

14

Kinuha ni David ang malaki at mahabang tabak ni Goliath, at pinutulan niya ito ng leeg gamit ang sarili niyang tabak. Nang nakita ng mga Filisteo na si Goliath ay patay na, sila'y nagsitakbuhan upang maiwasan ang kanilang kamatayan.



15

Hindi maalala ni Haring Saul na ang David na pumatay kay Goliath ay siya ring si David na tumutugtog ng arpa. Si David ay ginawa niyang tagapamahala ng kanyang mga kawal – ngunit nainggit si Haring Saul dahil pinarangalan ng mga tao si David sa pagkapanalo kay Goliath.





16



"Ano pa kaya ang kanyang makukuha, kung hindi ang aking kaharian?" ang naisip ni Saul. Mula noon pinagmasdan na palagi ni Saul si David.



17

Naguluhan muli ang isipan ni Haring Saul. Kaya tinawag niya si David upang tumugtog ng arpa para makatulong sa kanyang pagiisip. Tatlong beses na niyang hinagisan ng sibat si David ngunit ito'y nakaliligtas pa rin.



Natakot si Saul kay David dahil alam niya na ang Diyos ay na kay David.



18

Ngunit si Jonathan na anak ni Haring Saul ay minahal si David na parang kapatid. "Ang ama kong si Saul ay naghahanap ng pagkakataong patayin ka," ang babala niya kay David. Ang kanyang asawa ay gumawa ng isang bagay na kunwari ay may taong natutulog sa kanyang kama. Nang dumating kinaumagahan ang mga tao ni Saul, si David ay nakatakas na.



19

Si David ay tumakas at umalis papalayo kay Saul. Siya at si Jonathan ay nagsumpaan. Sila ay nangako na tutulungan ang isa't isa. Nakakalungkot na ang dalawang magkaibigan ay nagpaalam na sa isa't isa. Naghanap si David ng lugar kung saan siya ay maninirahan ng walang takot na mahanap ng mga kawal ni Haring Saul.

20

Ang Batang Pastol na si David

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

1 Samuel 16-20

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan,
narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16